

Tala: 1

Episiotomy(includes abstract) Lucey JR; Purcell G Jr.; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052406

Abstract: Sangkot sa episiotomy ang pagputol sa perineum. Ang perineum ang bahagi ng balat at kalamnan sa pagitan ng puwerta at puwet.

[View English](#)

Database: Consumer Health Information -- Tagalog

Episiotomy

(Perineum Incision; Incision, Perineum)

ni: Julie Rackliffe Lucey, MS

[\[View English Version\]](#)

Pagkakabigkas: ip-eez-ee-AWT-o-me

Kahulugan

Sangkot sa episiotomy ang pagputol sa perineum. Ang perineum ang bahagi ng balat at kalamnan sa pagitan ng puwerta at puwet.

Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

- Puwerta
- Perineum

Mga Dahilan para sa Proseso

Ang layunin ay upang palakihin ang bukasang puwerta para sa panganganak, habang iniwasan ang mga punit sa puwerta.

Bagaman dati itong karaniwan, hindi na ginagawa ang mga episiotomy nang kasingdalas. Natuklasan ng pag-aaral sa higit sa 34,000 panganganak sa puwerta na ang bilang ng mga episiotomy ay bumaba mula 70% hanggang 19% sa loob ng 17-taon.

Subalit, maaaring kailangan ang prosesong ito kung:

- Ang sanggol ay premature o kung hindi man ay mahina—upang maibsan ang puwersa sa sanggol na dulot ng nabibinat na perineum
- Ang sanggol ay malaki at maaaring mahirap ilabas ang mga balikat o ang sanggol ay suhi (nauunang lumalabas ang puwet o mga paa)—upang panatiliing ligtas ang sanggol
- Ipinapasiya ng doktor kung kailangan ang forceps—upang maiwasan ang mga punit sa puwerta

Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

- Malubhang peklat sa bahagi
- Nauna nang vulvodynia (talamak na pananakit ng vulva)

Anong Maaasahan**Bago ang proseso**

Habang bumibisita bago ang panganganak, talakayin sa iyong doktor ang mga pakinabang at panganib ng episiotomy. May kontrobersya sa paggamit sa prosesong ito, at hindi na karaniwang ginagawa.


Anesthesia

Maaaring bigyan ka ng local, epidural, o spinal anesthesia bago ang proseso. Pagkapanganak sa sanggol, bibigyan ka ng doktor ng local anesthesia bago ayusin ang hiwa.

Paglalarawan sa Proseso

Kapag inumpisahang binatin ng ulo ng sanggol ang bukasang puwerta, gagamit ang doktor ng surgical na gunting upang gumawa ng 1- hanggang 3-pulgadang hiwa sa pagitan ng puwerta at puwet (tinatawag na midline). O, maaaring gawin ang hiwa papunta sa tagiliran sa kalapit na kalamnan (tinatawag na mediolateral), ngunit kadalasan itong humahantong sa mas maraming pananakit at pagdurugo. Gayunpaman, ipinapakita ng ilang mga ebidensya na mas mataas ang panganib ng unang paraan sa malubhang mga punit sa puwerta.

Midline vs. Mediolateral Episiotomy



© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Pagkatapos ng Proseso

Pagkatapos maipanganak ang sanggol at placenta, hahanapin ng iyong doktor ang mga punit at isasara ang hiwa gamit ang natutunaw na mga tahi. Matutunaw ang mga tahi sa loob ng 10 araw. Kadalasang gumagaling ang episiotomy nang walang mga problema.

Gaano Katagal Ito?

Mabilis itong isinasagawa habang nanganganak

Masakit Ba?

Kung tatanggap ka ng local o spinal anesthesia, hindi ka makakaramdam ng sakit habang ginagawa ang proseso. Pagtapos, karamihan ng mga babae ay nagkakaroon ng kawalan ng ginhawa at pamamaga. Maaaring kailanganin mong uminom ng gamot para sa pananakit.

Mga Posibleng Kumplikasyon

Maaaring kabilang sa mga panandaliang komplikasyon ang:

- Pagdurugo

- Impeksiyon
- Pagpapasa
- Pamamaga
- Kahirapan sa pagkontrol sa iyong mga pagdudumi
- Pananakit habang nakikipagtalik

Karaniwang Pananatili sa Ospital

2 araw (ang karaniwang pagkakaospital para sa panganganak sa puwerta)

Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

Matutunaw ang iyong mga tahi at gagaling ang hiwa sa loob ng dalawang linggo. Maaaring mayroon pa ding pananakit hanggang bumalik ang natural na lakas ng balat. Maaaring magtagal ito nang anim na linggo. Sa panahong ito maaaring mahirapan kang umupo o maglakad. Kabilang sa mga paraan upang maibsan ang sakit ang:

- Sa unang 24 oras pagkapanganak, maglagay ng mga pakete ng yelo, na binalot ng tuwalya.
- Maligo at panatiliing malinis ang bahagi.
- Huwag magpupuwera kapag dumudumi. Maaaring ibilin ng iyong doktor na uminom ka ng pampalambot ng dumi.
- Gumamit ng boteng pangwisik ng tubig upang linisin ang bahagi pagkatapos gumamit ng kubeta.
- Maligo ng sitz bath (pag-upo sa tubig) nang ilang beses bawat araw. Kadalasang ginagamit ang maligamgam na tubig pampaligo, ngunit mas mabilis magpaginhawa sa sakit ang malamig, may yelong pampaligo. Magsimula sa tubig na may temperaturang gaya ng paligid at dagdagan ng yelo. Maaari kang manatili sa tubig nang 20-30 minuto.
- Gumamit ng pangwisik, may gamot na pasador, o gamot ayon sa ibinilin ng iyong doktor. Halimbawa, maaaring kang gumamit ng pinalamig na witch hazel pads na kasya sa pagitan ng pasador at ang bahagi na hiniwa. Maaari mo ding hawakan ang mga pasador sa bahagi habang nakaupo ka sa kubeta.
- Upang mabawasan ang pananakit, subukang higpitan ang iyong mga kalamnan sa pigi.
- Kapag ibinilin ng iyong doktor, gawin ang Kegel exercises . Higpitan lang ang mga kalamnang ginagamit mo upang pigilan ang ihi. Pinapalakas nito ang pelvic floor at nakakatulong sa mas mabilis na paggaling ng bahagi.
- Iwasan ang pakikipagtalik, douching, at paggamit ng tampus nang 4-6 linggo o hanggang gumaling ang sugat.

Resulta

Dapat ang resulta ng episiotomy ay ligtas na panganganak. Kadalasang gumagaling ang hiwa nang wala nang ibang paggamot. Kapag handa ka na, maaari mong gawin ang iyong kadalasang mga gawain. Tanungin ang iyong doktor kung kailan ka uli maaaring makikipagtalik.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o alalahanin, kausapin ang iyong doktor.

Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod

- Ang bahagi ng episiotomy ay mainit, namamaga, o masakit
- Parang-nana na lumalabas sa bahagi
- Patuloy na mga problema sa urinary o fecal incontinence (pagkawala ng kontrol sa pag-ihing pagdumi)

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO

Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008

Numero ng Item: 2010052406